# MGA SERBISYO SA PAGPAPALAGLAG AT PAGPAPLANO NG PAMILYA SA LOS ANGELES COUNTY

Ang akses sa mga serbisyo na mataas ang kalidad, napapanahon, komprehensibong pagpaplano ng pamilya at kalusugang reproduktibo ay napakahalaga sa kalusugan ng mga indibiduwal, pamilya, at komunidad. Ang gabay na ito ay inilalarawan ang mga mapagkukunan sa Los Angeles County para sa sinumang nangangailangan ng pangangalaga sa pagpapalaglag, pagpigil sa pagbubuntis (kontrasepsyon), o kaugnay na mga serbisyo.

Ang gabay na ito ay regular na babaguhin upang ipakita ang nagbabagong sinaryo ng pangangalaga sa reproduktibong kalusugan sa County. Ang mga mapagkukunan ay nakalista sa bawat seksyon nang magkakasunod ayon sa alpabeto.




## SINO ANG GUMAGAWA NG PAGLALAGLAG SA LA COUNTY?

Ang pangangalaga sa pagpapalaglag ay makukuha at maa-akses sa LA County. Ang pagpapalaglag ay sakop sa seguro ng kalusugan sa California, kabilang ang Medi-Cal. Tandaan na ang lahat ng mga taong may mababang kita sa California ay may akses sa Medi-Cal habang nagbubuntis, anuman ang katayuan sa imigrasyon. Maaaring isagawa ang pagpapalaglag gamit ang tabletas (pills) o sa pamamagitan ng operasyon sa loob ng isang klinika, depende sa kagustuhan ng pasyente, katayuan sa kalusugan ng mga indibidwal at sitwasyon sa pamumuhay, at kung anong antas na ang pagbubuntis.

Sa ilang mga kaso, ang mga pribadong obstetrician/gynecologist (OB-GYN) na doktor o manggagamot na nars/nars na komadrona ay maaaring magbigay ng pangangalaga sa pagpapalaglag. Sa karamihan ng kaso, ang mga serbisyo sa pagpapalaglag ay ginagawa ng mga OB-GYN na may kasanayan sa ganitong uri ng natatanging pangangalaga.

**Ang mga nagbibigay ng serbisyo sa pagpapalaglag sa Los Angeles County ay kinabibilangan ng:**

**Cedars Sinai | Programang Planong Pampamilya**
https://www.cedars-sinai.org/programs/gynecology/clinical-programs/family-planning.html
310-423-9268 (Bukas Lunes - Biyernes, 8 am – 4:30 pm)
Sa-personal na klinika na nag-aalok ng kumpletong mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya pati na rin ang pangangalaga sa medikal at pag-operang pagpapalaglag.

**Choix**
Bagong Lugar http://www.choixhealth.com/
858-203-0531 (Bukas Lunes-Biyernes 8:30 am – 4:30 pm PST)
Ang Choix ay isang pribadong klinika ng telemedisina na nagbibigay ng pangangalaga sa sekswal at reproduktibong kalusugan sa California, Colorado, Illinois, at New Mexico.

### Mga Pangkababaihang Pangkalusugan ng FPA

https://www.fpawomenshealth.com/abortion

Tumawag o Mag-text sa 877- 883-7264 (Bukas 8am – 5 pm)

Sa-personal, online at telehealth na klinika ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga babae na nagbibigay ng pagsusuri sa ginekolohiya, kontrol sa pagbubuntis, pagpapalaglag at mga impeksyon ng mga nakakahawang sakit (STI). 25 mga klinika na magagamit sa CA.

https://www.fpawomenshealth.com/telehealth

### Her Care

https://hercare.org/

213-516-8580

Pribadong nagkakaloob ng serbisyo sa pagpaplano ng pamilya, kosmetikong operasyon, at pagpapalaglag para sa mga babae na may edad na 15-65 sa tatlong mga lokasyon sa LA County.

### Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan (DHS) ng LA County Department

https://dhs.lacounty.gov/

Ang DHS ay nagbibigay ng komprehensibong mga serbisyo sa reproduktibong kalusugan kabilang ang kalusugan bago ang pagbubuntis (preconception), pananala para sa mga impeksyong nakakahawa dahil sa pakikipagtalik (STI), pangangalagang kontraseptibo, at pagpapalaglag.

### Luna Flow

https://www.lunaflowhealth.com/

Pribadong medikal na pagpapalaglag sa pamamagitan ng telemedisina sa California, hanggang sa 10 linggong pagbubuntis. Ang mga personal na serbisyo ay magagamit din ng lokal sa Los Angeles County.

### My Choice Medical Center

https://www.mychoicemedicalcenter.com/

866-397-3070 (Ang hotline ay magagamit 24 oras sa isang araw)

Mga klinikang opisina sa Los Angeles at Van Nuys, na mayroong oras ng opisina na 9am – 1pm

Ang My Choice Medical Center ay pribadong medikal na propesyon na nag-aalok ng mga kumpletong mga serbisyo sa pagpapalaglag.

### Planned Parenthood Los Angeles (PPLA)

https://www.plannedparenthood.org/planned-parenthood-los-angeles

800-576-5544

Ang Planned Parenthood Los Angeles ay nagbibigay ng komprehensibong pangangalaga sa reproduktibong kalusugan sa mga komunidad sa buong LA County.

### Planned Parenthood Pasadena and San Gabriel Valley (PPPSGV)

https://www.plannedparenthood.org/planned-parenthood-pasadena-san-gabriel-valley/getcare
626-798-7938 o 626-798-0706
Ang Planned Parenthood Pasadena & San Gabriel Valley ay nagbibigay ng komprehensibong pangangalaga sa reproduktibong kalusugan. Walk-in, parehong araw o kumperensya sa video (video conferencing) na mga tipanan sa mga nagbibigay ng serbisyong medikal.

### UCLA | OBGYN Division of Family Planning

https://www.uclahealth.org/obgyn/family-planning
Kontak na koordineytor: 310-825-5961
(Mga Oras: Lunes – Huwebes 8 am – 5pm; Biyernes 8 am – 4:30 pm)
Ang klinikang ito ay nagbibigay ng komprehensibong mga serbisyo sa reproduktibong kalusugan.

## SAAN AKO MAKAKAHANAP NG LOKAL AT PAMBANSANG MGA LUGAR NG OPERASYON AT MEDIKAL NA PAGPAPLAGLAG

Ang pagpapalaglag ay legal at ligtas sa estado ng California. Ang pangangalaga sa pagpapalaglag sa California ay makukuha ng lahat ng taong buntis anuman ang edad, **anuman ang katayuan sa imigrasyon o kung saan ka nakatira**.

Ang mga pambansang website na ito ay tumutulong sa mga tao na naghahanap ng karagdagang impormasyon tungkol sa kung saan o paano makakakuha ng aborsyon.

### Nakakapaghanap ng Pagpapalaglag

https://www.abortionfinder.org/
Website na may higit sa 700 na mga sentro ng kalusugan (health centers) at isang komprehensibong direktoryo ng beripikadong mga nagbibigay ng serbisyo paglalaglag.

### ACCESS Reproductive Justice

https://accessrj.org/
800-376-4636 (Bukas Lunes-Huwebes, 10am-4pm)
Ang linya ng tinatawagan (Ingles at Espanyol) ay nagbibigay ng libre at kumpidensyal na impormasyon, mga pagsasanggunian, adbokasiya, at pagpapayo sa kapwa sa maraming mga isyu sa reproduktibo at sekswal na kalusugan, na may kadalubhasaan sa mga opsyon sa pagbubuntis at mga serbisyo sa pagpapalaglag.

### AID Access

https://aidaccess.org/
Ang AID Access ay nagsisikap na mapahusay ang kalagayan ng kalusugan at karapatang pantao ng mga kababaihan na hindi maka-akses sa mga lokal na serbisyo sa pagpapalaglag.

**American College of Obstetricians and Gynecologists (ACOG)**
https://www.acog.org/womens-health/faqs/induced-abortion
Maaasahan, nakabatay sa ebidensya na impormasyon sa kalusugan, na nakatuon sa kalusugan ng mga kababaihan.

**Akses sa Pagpapalaglag sa California**
https://abortion.ca.gov/
Ang website na ito ng estado ng California ay naglilista ng kasalukuyan at tamang impormasyon tungkol sa kung paano mo maaaring ma-akses ang mga serbisyo sa pagpapalaglag sa California.

**Hey Jane**
https://www.heyjane.co/
Mag-text sa mga tagapagbigay ng serbisyor sa 405-643-7957
Isang birtwal na klinika na nagbibigay ng mga tabletas (pills) sa aborsyon na ipadadala sa iyong tahanan.

**INeedAnA**
https://www.ineedana.com/
Ang “I Need an A” ay isang online, interaktibong plataporma sa Ingles at Espanyol na tumutulong sa mga naghahanap ng mga mapagkukunan at klinika sa kanilang napiling lugar o zip code.

**Nakunan + Pagpapalaglag na Hotline**
https://www.mahotline.org/
833-246-2632 (5 am - 11 pm)
Humanap ng kumpidensyal na suporta at pansariling pangangasiwa kapag nakunan o pagpapalaglag mula sa bahay. Tawagan o i-text ang mga klinisyan na may maraming taon ng karanasan sa pangangalaga sa nakunan at sa pagpalaglag.

**National Abortion Federation**
https://prochoice.org/patients/find-a-provider/
Isang online na interaktibong mapa para humanap ng isang nagbibigay ng serbisyong malapit sa iyo (Amerika, Mexico, Canada). Para sa impormasyon tungkol sa pagpapalaglag at iba pang mga mapagkukunan, kabilang ang pinansyal na tulong, tumawag sa 1-800-772-9100.

**Plan C**
https://www.plancpills.org/
Ang Plan C ay nagbibigay ng napapanahong impormasyon sa Ingles at Espanyol para tulungan ang mga tao sa Amerika na ma-akses sa online ang nagagamit-sa-bahay na mga tabletas para sa pagpapalaglag (abortion pills).

**Mga Espesyalista sa Pangbabaeng Kalusugan (Women's Health Specialists)**
https://www.womenshealthspecialists.org/
800-714-8151 (Bukas Lunes hanggang Biyernes 8:30 am – 5:00 pm)
Ang mapagkukunang ito ay nagbibigay ng suporta, edukasyon, at mga serbisyo sa reproduktibong kalusugan.

## BABALA: MAG-INGAT SA MAPANLINLANG NA PATALASTAS

Ang Crisis Pregnancy Centers (CPCs), na kilala rin bilang mga Sentro ng Mapgkukunan Tungkol sa Pagbubuntis (Pregnancy Resource Centers), ay mga lugar na pribadong pinapatakbo na parang klinika ng pangangalagang pangkalusugan ngunit kadalasan ang mga tauhan ay hindi mga medikal na naggagamot. Sa California at sa buong bansa, mas karaniwan ang mga ito kaysa sa mga klinika na nagsasagawa ng paglalaglag. Madalas na sila ay nasa lugar malapit sa mga tunay na mga klinika ng paglalaglag. Sa online, madaling isipin na ito ay mga klinika ng paglalaglag maliban kapag binasa ang mga pinong nakasulat.

Ang mga CPC ay karaniwang pinapatakbo ng mga pang-relihiyong organisasyon at nag-aalok ng mga pagsusuri sa pagbubuntis, mga ultrasound, at mga gamit para sa mga magulang na buntis at mga sanggol, na libre o bilang kapalit ng pagkuha ng mga kliyente ng mga klase. Ang ilan sa mga CPC sa California ay nag-aalok ng mas komprehensibong mga serbisyong pangkalusugan. Gayunpaman, imbes na magbigay sa mga pasyente ng tamang impormasyon tungkol sa pagpapalaglag para ang mga tao ay makagawa ng kanilang sariling mga desisyon, ang kanilang layunin ay sikaping baguhin ang isip ng mga kababaihan na gustong magpalaglag. Ang mga CPC sa buong Amerika ay kadalasang nagbibigay sa mga kliyente ng maling medikal na impormasyon.

Maaaring mahirap masabi kung ang isang partikular na klinika ay isang medikal na klinika o isang CPC, kaya't kung pinag-iisipan mo ang magpalaglag at gustong tumanggap ng mataas na kalidad, wastong pagpapayong medikal o pangangalagang medikal, siguruhin na makipagtipan sa isang marangal at lisensyadong ahensya sa pangkalusugang pangangalaga, tulad ng mga nakalista sa gabay na ito.

# PAANO AKO MAGBABAYAD PARA SA PAGPAPALAGLAG?

Sa estado ng California, ang pagpapalaglag ay sakop ng segurong pangkalusugan, kabilang ang sa pamamagitan ng Medi-Cal para sa mga taong may mababang kita. Ang sinuman ay maaaring mag-apply sa Medi-Cal kapag sila ay buntis anuman ang katayuan sa imigrasyon (mangyaring tingnan ang seksyon na Segurong *Medi-Cal* sa ibaba para sa karagdagang impormasyon).

Ang pag-akses sa pagpapalaglag ay kadalasang kinabibilangan ng mga gastusin na higit pa sa gastos ng pangangalagang medikal. Ang mga pondo ng pagpapalaglag ay maaaring tumulong tugunan ang mga gastusing ito o magbayad para sa transportasyon, titirahan, at pag-aalaga sa anak, pati na rin ang gastos ng pagpapalaglag (para sa mga taga-California pati na rin sa mga taong galing sa labas ng estado).

### ACCESS Reproductive Justice

https://accessrj.org/
800-376-4636 (Bukas ng Lunes-Huwebes, 10am-4pm)
Nagbibigay ng libre at kumpidensyal na impormasyon, mga pagsasanggunian, adbokasiya, at pagpapayo sa kapwa sa iba't ibang mga isyu sa reproduktibo at sekswal na kalusugan, na may espesyalidad sa mga serbisyo sa opsyon sa pagbubuntis at pagpapalaglag.

### Segurong Medi-Cal

Ang Medi-Cal ay ang isang segurong pangangalaga sa kalusugan ng California para sa mga taong mababa ang kita. Maaari kang mag-apply para sa mga benepisyo ng Medi-Cal anuman ang kasarian, lahi, relihiyon, kulay, bansang pinagmulan, oryentasyong sekswal, katayuan sa pag-aasawa, edad, kapansanan, beteranong katayuan, o katayuan sa imigrasyon kung ikaw ay may edad na 50 pataas.

- **Ang Restricted Medi-Cal (mga serbisyong emerhensiya at pagbubuntis lamang) at Pregnancy-Related Medi-Cal na may Kaugnayan sa Pagbubuntis ay parehong binabayaran ang mga pangkalusugang kinakailangan sa pagbubuntis at panganganak, kapag nakunan (miscarriage), o pagpapalaglag, at pangangalagang medikal para sa 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis, anuman ang katayuan ng imigrasyon.** Para sa mas marami pang impormasyon: https://www.mchaccess.org/pdfs/alerts/Access%20full%20Medi-Cal%20benefits%20during%20pregnancy%20and%2012%20months%20after%205-1-22.docx.pdf
- **Ang Benepisyo ng Medi-Cal Non-Medical Transportation (NMT):** Ang NMT ay transportasyon papunta at pauwi mula sa isang serbisyo na binabayaran ng Medi-Cal. Maaaring gamitin ng lahat ng mga taong nakatala sa Medi-Cal ang serbisyo na ito, kabilang ang mga nagdadalang-tao hanggang sa pagkatapos ng 12-buwan na yugto ng pagkatapos ng pagbubuntis, hindi alintana ang kalagayan sa imigrasyon. Para sa mas marami pang impormasyon: https://www.mchaccess.org/pdfs/alerts/NMT%20Consumer%20Flyer%20Updated%20-1-14-21%20-%20English%20and%20Spanish.pdf

### National Network of Abortion Funds

https://abortionfunds.org/

Ang National Network of Abortion Funds ay pinagkokonekta ang mga tao sa mga organisasyon na kayang suportahan ang mga pangangailangang pinansyal o pagpapano habang ang mga kababaihan ay nagsasaayos ng pagpapalaglag.

### Women's Health Specialists

https://www.womenshealthspecialists.org/

800-714-8151 (Bukas Lunes hanggang Biyernes 8:30 am – 5:00 pm)

Ang mapagkukunan na ito ay nagbibigay ng suporta, edukasyon, at mga serbisyo sa reproduktibong kalusugan.

### Women's Reproductive Rights Assistance Fund (WRRAP)

https://wrrap.org/

Direktang nakikipagtulungan ang WRRAP sa higit na 700 na mga doktor, klinika, at hospital—hindi mga pasyente—para pondohan ang pagpapalaglag, aborsyon na medikal at operasyon para sa mga babae sa buong Amerika, kabilang ang California at LA County. Makipag-ugnayan sa kanila sa pamamagitan ng iyong klinika o doktor.

## SAAN AKO MAKAKAKUHA NG KUMOKONTROL SA PAGBUBUNTIS O IBA PANG KONTRASEPTIBONG PANGANGALAGA?

### Community Clinic Association of LA County (CCALAC)

Ang CCALAC ay kumakatawan sa hindi kumikitang mga klinika at sentro ng kalusugan na nagpapatakbo ng mga lugar ng pangunahing pangangalaga sa buong county. Ang mga klinika sa komunidad ay nagbibigay ng pangunahing pangagalaga sa kalusugan, kabilang ang mga serbisyong medikal, dental, kalusugan sa pag-isip at kontrasepsyon sa mga walang seguro, hindi sapat ang seguro, at mga populasyong kulang sa mapagkukunan.

Para makahanap ng isang klinikang malapit sa iyo: https://ccalac.org/find-a-clinic/

### Family PACT Providers

Ang Family PACT ay nagbibigay ng komprehensibong mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya sa mga kuwalipikadong lalake at babae sa California na may mababang kita.

Humanap ng nagbibigay ng serbisyo sa Pampamilyang PACT na malapit sa iyo: https://familypact.org/provider-search/

### Federally Qualified Health Centers (FQHCs)

Ang mg Sentro na Pederal na Kwalipikado sa Pangkalusugan (Federally Qualified Health Centers) ay nakabase sa komunidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa pangunahing pangangalaga sa mga lugar na hindi gaanong napagsisilbihan ng mga nagbibigay ng mga pangunahing serbisyong pangkalusugan. Ang mga FQHC ay magbibigay ng pangangalaga, kung mayroon kang segurong pangkalusugan o walang seguro.
Humanap ng klinikang malapit sa iyo: https://findahealthcenter.hrsa.gov/

### Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan ng Los Angeles County, Mga Serbisyong sa Kababaihang Pangkalusugan (Women's Health Services)

Ang programang ito ay nagbibigay sa mga may hustong edad at mga kabataan na may mababang kita ng akses sa impormasyon sa kalusugan, pagpapayo, at mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya upang mabawasan ang probabilidad ng hindi sinasadyang pagbubuntis at mapanatili ang reproduktibong kalusugan.
Humanap ng pangangalaga na malapit sa iyo: https://dhs.lacounty.gov/womens-health/our-services/womens-health/

### Nakakahanap ng Klinikang Pampamilyang Plano na Title X (Family Planning Clinic Locator)

Ang Title X ay ang pederal na pagpopondo na nagbibigay ng iba't ibang mga pamamaraan sa pagpaplano ng pamilya at kaugnay na pagpigil (preventive) na serbisyong pangkalusugan. Humanap ng mga klinika sa komprehensibong pagpaplano ng pamilya na nag-aalok sa mga kabataan at mga taong may mababang kita ng iba't ibang opsyon sa kontrol sa pagbubuntis, mga serbisyo sa impeksyon sa nakakahawa dahil sa pakikpagtalik (STI), pagsusuri at mga pagpapayo sa mga opsyon sa pagbubuntis, at mga pagsusuri sa kanser.
Para makahanap ng isang klinikang malapit sa iyo: https://opa-fpclinicdb.hhs.gov/

## SUPORTA NG TUMUTULONG (DUOLA) SA PAGPAPALAGLAG

Kung ikaw ay magpapalaglag, kasalukuyang nagpapalaglag o kamakailan ay nagpalaglag at gusto mo ng karagdagang suporta sa prosesong ito, isaalang-alang ang pangangalaga na maaaring ibigay ng mga tumutulong dahil sa pagpapalaglag. Ang mga doula ng pagpapalaglag, at iba pang mga taong espesyal na sinanay, ay may kahusayan sa pagbibigay ng emosyonal at pisikal na suporta bago, habang nangyayari at pagkatapos ng isang sa-loob-ng-opisina o sa-loob-ng-bahay na pagpapalaglag. Ang ilan sa mga paraan na maaaring makasuporta sa iyo ang isang doula ng aborsyon ay sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng edukasyon tungkol sa iyong darating na pagpapalaglag, paghawak sa iyong kamay habang ikaw ay nasa klinika, pagbibigay ng mga payo upang maibsan ang sakit, pag-aalok ng distraksyon o pag-uusap sa mga damdamin na lumalabas sa panahon ng prosesong ito. Sa panghuli, ang mahusay na sinanay at mapagmahal na taong ito ay naroon upang suportahan ka at galangin ang iyong reproduktibong kasarinlan sa isang personal na paraan na nakakatugon sa iyong natatanging mga pangangailangan.

**LA Abortion Support Collective**
https://www.laabortionsupport.org/
Nagbibigay ng impormasyon sa mga libreng pagpipilian para sa personal at birtwal na suporta sa County ng LA

## SUPORTA SA KALUSUGAN SA PAG-IISIP

Maraming mga tao ang nangangailangan ng suporta sa pagpapasya sa kung ano ang gagawin kapag sila ay nabuntis at hindi ito gusto, o hindi sigurado na gusto nilang ipagpatuloy ang pagbubuntis. Bagaman ang mga dekada ng pananaliksik ay nakapagpatunay na ang paglalaglag ay hindi nagreresulta sa mga negatibong kalalabasan sa kalusugang pisikal o mental, normal pa rin para sa ilang mga tao na na makaramdam ng pagkalungkot o pagiging emosyonal bago o pagkatapos ng pagpapalaglag. Ang mga mapagkukunang ito ay para sa mga naghahangad ng pagpapalaglag, nagpalaglag na, o sumusuporta sa isang taong nagpalaglag na.

**All-Options Talk-line**
https://www.all-options.org/find-support/talkline/
888-493-0092
Lunes – Biyernes 10 am – 1 pm/ Sabado at Linggo 10 am – 6 pm EST
Mga opsyon sa pagpapayo ng tamang medikal at walang kinikilingan.

**Exhale Pro-Voice**
https://exhaleprovoice.org/
Mag-text sa 617-749-2948 (Lunes-Biyernes 3pm-9pm; Sabado 1pm-9pm; Linggo 3pm-7pm)
Ang Exhale Pro-Voice ay nagbibigay ng hindi mapanghusgang suporta pagkatapos ng karanasan sa pagpapalaglag at para sa mga naghahangad na suportahan ang isang kapareha, anak, o kaibigan pagkatapos ng kanilang pagpapalaglag.

**Faith Aloud (Non-Judgmental Faith based Support)**
https://www.faithaloud.org/
888-717-5010
Tumawag para kumonekta sa mahabaging pangrelihiyon at ispiritwal na suporta para sa mga pagpipilian sa pagpapalaglag at pagbubuntis. Ang mga ministro at pangrelihiyong tagapayo ay makikinig at mag-aalok ng suporta nang walang paghuhusga.

**Nakunan + Pagpapalaglag na Hotline**
https://www.mahotline.org/
833-246-2632 (5 am - 11 pm)
Humanap ng kumpidensyal na suporta at pansariling pangangasiwa sa pagkalaglag ng iyong pagbubuntis o aborsyon. Tawagan o i-text ang mga clinician na may maraming taon ng karanasan sa pangangalaga sa pagkalaglag at aborsyon.

**Reprocare Healthline**
https://abortionhotline.org/
833-226-7821
Nagbibigay ng anonymous (hindi papangalanan) na suportang emosyonal na batay sa kaparehong kapwa, medikal na impormasyon, at mga sasanggunian sa mga taong gustong maglaglag sa bahay gamit ang mga tabletas (pills).

## ANG MGA KARAPATAN SA PAGPAPALAGLAG AT KONTRASEPTIBO SA CALIFORNIA

**ACLU Southern California**
https://www.aclusocal.org/en/know-your-rights/abortion-care-california
Ang ACLU Southern California ay nagbibigay ng impormasyon sa mga karapatan sa pagpapalaglag sa California. Ang pahinang ito ay regular na binabago habang nagbabago ang mga batas. Para sa mga kabataan: https://www.aclusocal.org/know-your-rights/abortion-care-california#minors

**Tumutulong sa mga Kabataan – Gawing Libre ang mga Tabletas (Advocates for Youth – Free the Pill)**
https://www.advocatesforyouth.org/freethepill/
Nakikipagtulungan ang Tumutulong sa mga Kabataan (Advocates for Youth) kasama ang libu-libong mga kabataan dito sa Amerika at sa buong mundo habang sila ay nakikipaglaban para sa sekswal na kalusugan, mga karapatan, at katarungan.

**California Consumer Alert: Karapatan na Maka-akses ng Libre o Murang Nakakapigil sa Pagbubuntis (Birth Control)**
Ang isang kopya ng Alerto sa Konsumer ang makikita rito
Kung ikaw ay residente ng California, ikaw ay may mga pagpipilian para sa libre o murang Nakakapigil sa pagbubuntis (birth control), anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon.

**Mapagkukuhanan ng mga Tinedyer**
https://www.teensource.org/know-your-rights
Ang Mapagkukuhanan ng mga Tinedyer (Teen Source) ay isang online hub para sa impormasyon at mga mapagkukunan ng sekswal at reproduktibong kalusugan na angkop sa mga tinedyer. Nagtatampok ng wasto at maaasahang impormasyon sa mga sekswal na mga nakakahawang sakit o STDs, kontrol sa pagbubuntis, malusog na mga relasyon, at mga karapatan ng tinedyer sa pag-akses sa mga sensitibong serbisyo (tulad ng mga serbisyo sa sekswal na kalusugan) sa CA.